Even in the IMPOSSIBLE

# Karamdaman at Kagalingan

WEEK 3

## WARM-UP

- Sino sa mga kaibigan mo ang inakala mong hindi mo makakasundo noong una kayong nagkakilala? Paano nagbago o nanatiling pareho ang pananaw mong ito?
- Kapag may nagkasakit sa pamilya mo, ano ang karaniwan mong ginagawa para alagaan siya?
- Ano ang isang adbokasiya na sinusuportahan mo? Bakit ka naniniwala sa layuning ito?

## WORD

12 *Isang araw, nang nasa isang bayan si Jesus, lumapit sa kanya ang isang lalaking may malubhang sakit sa balat, Lumuhod ito sa harap niya at nagmakaawa na pagalingin siya. Sinabi niya, "Panginoon, kung gusto n'yo po, mapapagaling n'yo ako upang maituring akong malinis."*
13 *Hinawakan siya ni Jesus at sinabi, "Gusto ko. Luminis ka!" At gumaling agad ang kanyang sakit.* **LUCAS 5:12–13**

(Basahin din ang **LUCAS 5:14–16.**)

Ang pagkakaroon ng karamdaman ay isa sa mga pagsubok na kinakaharap ng isang tao. Ang tao sa talatang ito ay may malubhang sakit sa balat, isang karamdaman na tila imposible nang gumaling. Noong panahong iyon, ang mga may ganitong sakit ay itinatakwil ng lipunan. Hindi nakikipag-ugnayan ang mga tao sa kanila. Hindi lumalapit ang mga tao sa kanila dahil itinuturing silang marumi. Sa talatang ito, tingnan natin kung paano tumugon si Jesus nang lapitan Siya ng isang taong may ganitong karamdaman at humiling na pagalingin siya.

## 1 May habag ang naging pagtugon ni Jesus sa lalaking may malubhang sakit sa balat.

*[12]Isang araw, nang nasa isang bayan si Jesus, lumapit sa kanya ang isang lalaking may malubhang sakit sa balat, Lumuhod ito sa harap niya at nagmakaawa na pagalingin siya. Sinabi niya, "Panginoon, kung gusto n'yo po, mapapagaling n'yo ako upang maituring akong malinis." [13]Hinawakan siya ni Jesus at sinabi, "Gusto ko. Luminis ka!" At gumaling agad ang kanyang sakit.*

**LUCAS 5:12–13**

Ang patotoong ito ay hindi tulad ng iba pang mga kwentong nagpapakita ng kapangyarihan ni Jesus na magpagaling. Hindi pinagaling ni Jesus ang lalaking may sakit sa balat nang malayo Siya. Inunat Niya ang Kanyang braso, inilapat ang kamay Niya sa taong ito, at idineklara ang kanyang paggaling. May kapangyarihan si Jesus na pagalingin ang taong may sakit sa balat. Pero higit pa dito, ipinakita Niya ang Kanyang pagkahabag sa pamamagitan ng paglapit sa taong ito at paghawak sa kanya sa kabila ng kanyang sakit at pagiging marumi. Paano ipinakita sa iyo ni Jesus ang Kanyang pagmamahal at habag habang pinagdaraanan mo ang isang mahirap na panahon sa buhay mo?

## 2 Pisikal ang ginawang pagpapagaling ni Jesus sa lalaking may malubhang sakit sa balat.

*[12]Isang araw, nang nasa isang bayan si Jesus, lumapit sa kanya ang isang lalaking may malubhang sakit sa balat, Lumuhod ito sa harap niya at nagmakaawa na pagalingin siya. Sinabi niya, "Panginoon, kung gusto n'yo po, mapapagaling n'yo ako upang maituring akong malinis." [13]Hinawakan siya ni Jesus at sinabi, "Gusto ko. Luminis ka!" At gumaling agad ang kanyang sakit.*

**LUCAS 5:12–13**

Ang sakit sa balat ng lalaki ay tinatawag na "*leprosy*" at ito ay nagdudulot ng iba't ibang komplikasyon sa katawan, kabilang na ang pagkasira ng mga ugat at paghina ng laman, Sa kwentong ito, tila imposible nang gumaling pa ang lalaki. Ngunit, sa talatang ito, makikita natin ang awtoridad ni Jesus

sa mga karamdamang mahirap pagdaanan at tila hindi na gagaling. Makikita rin natin ang awtoridad Niyang linisin ang marumi. Sa pamamagitan ng salita ni Jesus, nawala ang sakit sa balat ng lalaki. Ano ang sinasabi sa atin ng kwento ng pinagaling na lalaki tungkol sa awtoridad ni Jesus sa mga karamdaman?

## 3 Ipinanumbalik ni Jesus ang lalaking may malubhang sakit sa balat sa lipunan.

*Sinabihan siya ni Jesus, "Huwag mo itong sasabihin kahit kanino. Sa halip, pumunta ka sa pari at magpasuri. Pagkatapos, maghandog ka ayon sa iniutos ni Moises bilang patunay na malinis ka na."* **LUCAS 5:14**

Ang palatandaan ng malubhang sakit sa balat ay makikita sa katawan, kung kaya't madaling makita kung sino ang may ganitong kalagayan, at madali rin para sa ibang tao na iwasan sila. Dahil dito, ang may ganitong sakit ay nakahiwalay sa iba pang tao sa lipunan, pisikal na nabubulok, at marahil ay nahihirapan din sa kanilang emosyon. Ayon sa batas ni Moises, dapat silang magsuot ng punit-punit na damit, manatili sa labas ng siyudad, at sabihing marumi sila sa tuwing may dadaang tao (Leviticus 13:45–46). Matapos pagalingin ni Jesus ang taong ito, sinabihan Niya itong puntahan ang pari at ipakita ang kanyang sarili—bilang patunay na siya ay malinis na. Dahil sa mahimalang pagpapagaling ni Jesus, nagawa niyang makapasok sa templo, isang lugar na bawal niyang puntahan dahil sa kanyang sakit. Nang pagalingin ni Jesus ang lalaki, ibinalik din Niya ito sa tamang lugar sa lipunan. Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa pagpapagaling na ginawa ni Jesus?

Sa Lumang Tipan, may isinasagawa silang paglilinis ng katawan bago pumasok sa presensya ng Diyos. Ang pisikal na paggaling na ginawa ni Jesus ay nagdulot din ng espiritwal na paggaling. Bagama't ang mga tao ay nagsasagawa ng ilang ritwal upang maging malinis, si Jesus lamang ang tanging pinagmumulan ng tunay na kalinisan.

Ito ang ginawa ni Jesus para sa lalaking may sakit sa kwento at ito rin ang ginagawa Niya para sa atin sa kasalukuyan. Nagdadala Siya ng kaligtasan at pagkabuo maging sa mga itinatakwil ng lipunan. Ito ang nagbigay sa atin ng daan papunta sa Diyos at inaakay Niya tayo palapit sa Diyos.

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba sa kakayahan ng Diyos na magpagaling at sa Kanyang awtoridad sa lahat ng uri ng sakit? Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos bilang tagapagpagaling natin?

- Magsisi at hingin ang kapatawaran ng Diyos sa mga panahong nilimitahan mo ang Kanyang kakayahan at awtoridad sa mga imposibleng sitwasyon.

- Mag-isip ng isang taong nangangailangang gumaling. Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon para maipagdasal at matulungan siya ngayong linggo.

## PRAYER

- Ipanalangin na patatagin ng Diyos ang pananampalataya mo sa Kanya at na patuloy kang magtiwala sa Kanya bilang Diyos na gumagawa ng mga himala.

- Sa pamamagitan ng Kanyang salita, pinagaling ni Jesus nang ganap ang lalaking may malubhang sakit sa balat. Ipanalangin na tulad niya, magkakaroon ka rin ng pananampalataya sa kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa mga mahihirap na sitwasyon.

- Ipanalangin na bilang isang iglesya, mapalakas natin ang loob ng mga may sakit na nangangailangan ng kagalingan at suporta dahil sa kanilang karamdaman.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chrysse Manuel-Pili, Bea Salcedo

victory.org.ph